

Towards developing an MTB-MLE language program

Cirilo, Eleazaar C. 

Saint Louis University, Baguio City, Philippines (eleazaarc@gmail.com)

Received: 29 July 2024

Available Online: 1 October 2024

Revised: 25 September 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24818

Accepted: 1 October 2024



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

The overall readiness of teachers on significant changes in the field of education is important in the success of any programs of the Department of Education. Related to this, the researcher has studied the experiences of teachers in the implementation of Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). The researcher used phenomenological design with qualitative approach through survey, interviews and focus group discussions (FGD). In the first year of implementation, the teachers were enthusiastic in effectively carrying out MTB-MLE, however, in the succeeding years, they went back to the previous curriculum which uses English and Filipino as mediums of instructions and the mother tongue of a student is just being used as an additional language. The Ilocano language which is the identified mother tongue is not appropriate since the students belong to various cultures with different mother tongues. The program became burdensome to teachers due to the need to prepare additional instructional materials. Parents as well as the community are resistant to the MTB-MLE. The lack of teachers well-versed with the various mother tongues is one of the major challenges. With this, majority of the teachers do not agree with MTB-MLE. The teachers realized that they do not have sufficient preparation. Seminars, workshops and trainings given them are not enough which resulted in confusions. As a result of this study, a language program has been prepared with objectives to enhance the knowledge, skills and beliefs and cultivate the self-confidence of the teachers in order to overcome all the challenges of the program.

Keywords: instructional materials, contextualization, language translation, curriculum, language program

Towards developing an MTB-MLE language program (Pagbuo ng programang pangwika tungo sa pagpapatupad ng MTB-MLE)

1. Abstrak

Ang nakasasapat na paghahanda ng mga guro sa makabuluhang pagbabago sa larangan ng edukasyon ay mahalaga sa ikatatagumpay ng mga programa ng Departamento ng Edukasyon. Kaugnay nito, pinag-aralan sa pananaliksik ang mga karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) tungo sa pagbuo ng programang pangwika. Ang pananaliksik ay gumamit ng pamamaraang penomenolohikal na disenyo na may kuwalitatibong dulog sa pamamagitan ng sarbey, pakikipanayam at pangkatang talakayan. Noong unang taon ng implementasyon, ang mga guro ay naging masigasig sa pagsasakatuparan ng MTB-MLE subalit napilitan silang bumalik sa nakagawiang Ingles at Filipino bilang mga wika sa pagtuturo. Ang mother tongue ng mga mag-aaral ay ginagamit na lamang bilang karagdagang wika sa pagpapaliwanag ng aralin. Hindi naging angkop ang wikang Ilokano sa silid-aralang ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng magkakaibang kultura at mother tongue. Nakapagdaragdag ito ng ibayong trabaho sa mga guro dahil nangangailangang luminang ng mga kagamitang pampagtuturo, magsaliksik ng mga kontekstuwalisado at katutubong panitikan at magsalin ng mga aralin sa natukoy na mother tongue. Kulang ang pagtangkil ng mga magulang at ng pamayanan. Ang kakulangan ng mga gurong taal sa unang wika ay isang malaking hamon. Bilang kinalabasan ng pananaliksik, ang pag-aaral ay bumalangkas ng programang pangwika na may layuning mapahusay ang kaalaman, kasanayan, pinaniniwalaan at malinang ang tiwala sa sarili upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagpapatupad ng programang MTB-MLE.

Keywords: kagamitang pampagtuturo; kontekstuwalisasyon; kurikulum; pagsasaling-wika; programang pangwika

2. Panimula

Ayon kay Nelson Mandela (1999), kung ang isang tao ay kakausapin mo sa wikang kaniyang nauunawaan, ito ay tatatak sa kaniyang isipan at kung kakausapin mo naman ang isang tao sa kaniyang sariling wika, ito ay titimo sa kaniyang puso.

Ito ay isa sa mga pundasyon sa pagpapalawak sa paggamit ng *mother tongue* bilang wikang panturo. Subalit, hindi dito nagtatapos sapagkat ang benepisyong ito ay makakamtam lamang kung mabisa ang pagpapatupad ng mga programang pangwika na kinabibilangan ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE). Ang *mother tongue* ay napakahalaga sapagkat hinuhubog nito ang isip at damdamin ng isang indibidwal at ito ang nagtatampok sa pagkatuto sa paaralan. Pinagtibay ng mga pananaliksik na mabisa ang pagkatuto sa pamamagitan ng *mother tongue* (Nishanthi, 2020). Nililalang ng *mother tongue* ang kultural na pagkakilanlan at matatag na pagtitiwala sa sarili. Ito rin ang pundasyon ng pamilya, lipunan at kultura. Ang pagtuturo sa pamamagitan ng *mother tongue* ay nagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa larangan ng edukasyon at nagdudulot ng mas magandang pagkatuto sa pangalawang wika. Mahalaga na ang pagkatuto sa paaralan ay simulan sa *mother tongue*. Tiyakin ang sapat na angkop na kontekstuwalisado at awtentikong mga kagamitang pampagtuturo. Nararapat na ang mga guro ay may sapat na paghahanda at kakayahang magsalita sa *mother tongue*. Mahalaga ang mga mabisang pamamaraan at mga dulog sa pagtuturo ng *mother tongue* na nagdudulot ng aktibong pakikiisa ng mga mag-aaral.

2.1 Ang Kahulugan ng Mother Tongue

Si Ross (2004) na nagbuod ng mga pananaw mula sa iba't ibang ulat at mga pananaliksik (*SIL - Summer Institute of Linguistics*, 2004; Terralingua, 2004; Beardsmore, 1986) ay nagbigay ng mga depinasyon ng *mother*

tongue sa iba't ibang kaparaanan: 1. Ang wikang unang natutunan mula sa pamilya na ginagamit sa bahay; 2. Ang kauna-unahang wikang natutunan at sinasalita ng bata at ang wikang ginagamit sa pamayanan; 3. Wika na pinakabihasang ginagamit ng bata; at 4. Ang wika na kaniyang pinakanagugustuhan. Ito ang bumubuo sa pagkakilanlan ng bata. Tinukoy naman ni Orekan (2011) na ang *mother tongue* ay isang wika na kung saan ang isang tao ay nakapag-iisip, nangangarap at kabilang. Sa wikang ito mahusay na nakikipagtalastasan ang bata at mahusay na naipapahayag ang kaniyang sarili at nakapagsasalita ng matatas ang bata bago pa siya papasok sa paaralan. Ayon sa DepEd, ang *mother tongue* ay tumutukoy sa kinagisnang wika, katutubong wika, at wikang ginagamit sa loob ng tahanan.

2.2 *Ang Paggamit ng Mother Tongue sa Konteksto ng Multilingual Education (MLE)*

Multilinggwalismo ang tawag sa patakarang pangwika na nakasalig sa paggamit ng wikang pambansa at katutubong wika bilang pangunahing midyum sa pakikipagtalastasan at pagtuturo, bagamat hindi kinakalimutan ang wikang global bilang isang mahalagang wikang panlahat. Layunin ng multilinggwalismo ang unang pakinisin at gamitin ang mga wikang katutubo o diyalekto o wika ng tahanan bilang pangunahing wika ng pagkatuto at pagtuturo mula sa una hanggang ikatlong baitang, susundan ito ng wikang Filipino o ng wikang pambansa bago ibababad sa wikang Ingles. Hango sa salitang Ingles na “multi” na ang kahulugan ay marami at salitang lengguwahe na ang ibig sabihin ay salita o wika. Sa kabuoan, ang multilinggwalismo ay “maraming salita o wika”. Ang wikang Filipino ay binubuo ng maraming wika. Mula sa wikang pambansa, may nabuo pang mga salita hango sa mga kasalong wika. Ang mga halimbawa nito ay ang paggamit ng wikang Kapampangan ng mga taga-Pampanga, Tarlac at Bataan; at Ilokano naman sa mga rehiyon ng La Union, Ilocos at ilang bayan ng Pangasinan at Nueva Ecija. Nabibilang din sa multilinggwalismo ang mga banyagang salita na natutunan mula sa mga dayuhang mananakop at mga kaibigan. Nandiyan ang Niponggo ng mga Hapon, Mandarin ng mga Tsino at Korean ng mga Koreano.

2.3 *Ang Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)*

Nagsisimula ito sa nalalaman ng mga mag-aaral. Ang MTB-MLE ay pagtuturo sa pamamagitan ng *mother tongue* (L1) na kadalasan gamit ang binalangkas na transisyon tungo sa pangalawang wika (L2) o banyagang wika sa paaralang primarya. Sa pagtuturo hango sa MTB-MLE, ginagamit ang wikang pamilyar sa mga bata (Jacob at Xiong, 2016) na kung saan ang mag-aaral na natuto nang husto gamit ang kaniyang unang wika ay mas madaling matuto ng ikalawa o ikatlong wika kung ihahambing sa ibang mag-aaral na kaagad na tinuruan sa ikalawa o sa ikatlong wika (Dutcher at Tucker, 1995). Ito ay batay sa pag-aaral na nararapat na malinang muna nang husto ang kognitibong kakayahan ng bata sa kaniyang unang wika, bago siya ililipat sa pagkatuto sa ikalawa o sa ikatlong wika (Demeterio, 2010).

2.4 *Ang Pagpapatupad ng MTB-MLE sa Departamento ng Edukasyon*

Sa ilalim ng DO No. 16, series of 2012, ang MTB-MLE ay sinimulang ipinatupad ng DepEd sa mga pampublikong paaralan ng bansa noong Taong Panuruan (TP) 2012-2013 bilang bahagi ng K-12 Basic Education Program o K-12 Curriculum. Ito ay ang pagkakaroon ng isang hiwalay na asignatura – ang *Mother Tongue* mula una hanggang ikatlong baitang at kasabay nito ang paggamit sa *mother tongue* bilang wikang panturo sa lahat ng asignatura maliban sa Ingles at Filipino mula kinder hanggang ikatlong baitang. Batay sa DO No. 28, series of 2013, ang MTB-MLE ay naglalayong mapabuti ang wika ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang kakayahang kognitibo at kamalayang sosyo-kultural. Nilalayon din nito na gawing pangunahing wika ang wika nila para sa kanilang pagkatuto. Ito ay sa bukod na mapapabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral ng kanilang mga aralin ay matutunan din nila ang kahalagahan ng kanilang kinalakihang wika sa murang edad pa lamang.

2.5 *Programang Pangwika*

Ang programang pangwika ay napatunayan na isang matagumpay na pamamaraan upang mapahusay ang

lumang kaalaman, mga kasanayan at mga saloobin ng mga guro. Ito ay nagdudulot ng mas pinaunlad na pagkatuto (Yoon, Duncan, Lee, Scarloss at Shapley, 2007). Tinukoy ni Guskey (2002) ang *professional development program* bilang sistematikong pagsisikap upang magdulot ng makabuluhang pagbabago sa nakasanayang mga gawi ng guro, pagbabago sa kanilang mga saloobin at mga paniniwala, at sa kalaunan sa mas matagumpay na resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay bumalangkas ng isang mungkahing programang pangwika na may layuning mapahusay ang lumang kaalaman, mga kasanayan, saloobin, at mga paniniwala ng mga guro sa pagtuturo ng *mother tongue* at pagtuturo gamit ang *mother tongue* ng MTB-MLE. Nilalayan ng programang pangwika na tugunan ang mga isyu kaugnay sa matagumpay na pagsasakatuparan ng MTB-MLE hango sa kinalabasan ng pananaliksik na ito na tumalakay sa mga karanasan na hatid ng pagtuturo ng *mother tongue* at pagtuturo gamit ang *mother tongue* sa mga kinder hanggang ikatlong baitang ng paaralang elementarya.

Kaugnay nito, sinaliksik ng pag-aaral ang karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Tinugunan ng pananaliksik ang sumusunod na tiyak na mga katanungan:

- Ano-ano ang karanasan sa pagtuturo ng *mother tongue* at pagtuturo gamit ang *mother tongue* sa mga guro ng kinder hanggang baitang 3?
- Ano ang angkop na programang pangwika ang mabubuo mula sa naging resulta ng pananaliksik na ito?

Ang pag-aaral ay makabuluhan para sa: mga superbisor at mga namamahala ng paaralan; mga magulang; maging sa mga mananaliksik sa hinaharap at higit sa lahat sa mga mag-aaral – ang pinakatunguhin ng lahat ng mga pagsusumikap na kinasasangkutan ng mga namamahala at mga guro ng MTB-MLE upang matiyak ang mabisang paghahatid ng edukasyon. Mahalaga ang natamong kongkretong datos partikular sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo upang magbigay ng malinaw at tiyak na direksyon at pokus sa teknikal na pag-aagapay na ipinagkakaloob sa mga guro ng MTB-MLE. Inaasahang ito ay makapagpapabuti ng kakayahan ng mga guro na hahantong sa pagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sa mga mananaliksik sa hinaharap, ang pag-aaral ay nagbukas ng posibleng mga kawilihan na isasaalang-alang ng susunod na mga mananaliksik. Ang kalalabasan ng pag-aaral at iba pang mga makabuluhang impormasyon na matutuklasan sa pag-aaral ay maaaring mapapakinabangan at makatutulong sa kanilang pagnanais na magsulong ng mas ibayo pang kaugnay na pag-aaral.

3. Methodology

3.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwalitatibong dulog batay sa penomenolohikal na disenyo na uri ng pananaliksik. Ito ay mabisa sa paglalahad ng mga karanasan ng mga indibiduwal mula sa kanilang sariling pananaw na samakatuwid ay naghahamon ng estruktural o nakasanayan ng mga gawi. Batay kay Creswell (2014) ang kuwalitatibong pananaliksik ay isang dulog ng paggalugad at pag-unawa sa kahulugan sa mga indibiduwal o mga grupo kaugnay sa isang kalagayan o suliraning panlipunan. Ang proseso ay nagsagawa ng pagtatanong, mga pamamaraan sa pagtipon ng mga datos ng kalahok sa kanilang natural na kapaligiran at nagsuri ng mga datos nang pagbuod mula sa partikular hanggang sa pangkalahatang tema. Ang pagdaragdag ng pagpapakahulugan sa isa pang dimensiyon ay penomenolohikal na pananaliksik, at hahayaang maging isa pang batayan ng iba pang praktikal na teorya, na maaaring sumuporta o hahamon ng isang patakaran o pamamalakad (Lester, 1999).

Ang pag-aaral ay isinagawa sa pamamagitan ng sarbey, pakikipanayam at pangkatang talakayan o *Focused Group Discussion* (FGD) sa mga tagatugon gamit ang talatanungang ginawa mismo ng mananaliksik kaugnay sa mga karanasan at saloobin ng mga guro sa programang MTB-MLE. Ang baliditi ng talatanungan ay isinagawa sa pamamagitan ng konsultasyon sa mga dalubhasa sa larangan ng lingguwistika, at estadistika.

3.2 Mga Tagatugon sa Pananaliksik

Ang mga tagatugon ng pananaliksik ay mga guro ng MTB-MLE na nanggagaling mula nursery hanggang ikatlong baitang sa antas elementarya ng *Benguet State University-Early Childhood Development Center (BSU-ECDC)*; mga guro mula unang baitang hanggang ikatlong baitang ng *Benguet State University-Laboratory Elementary School (BSU-LES)*; at mga guro mula sa *La Trinidad Central School (LTCS)*, mga paaralang pang-elementarya sa munisipyo ng La Trinidad, Benguet.

Apat na mga guro ng nursery hanggang kinder ng BSU-ECDC at tatlong mga guro mula unang baitang hanggang pangatlong baitang sa BSU-LES ang nakibahagi sa pag-aaral. Samakatuwid, lahat ng mga guro mula nursery hanggang ikatlong baitang ng BSU ay nakiisa sa pag-aaral. Samantala, anim na mga guro, o lahat ng mga guro sa kinder sa LTCS ay nakiisa sa pag-aaral. Sa antas elementarya ng LTCS, anim na mga guro mula sa pitong mga guro ng unang baitang ang nakilahok sa pag-aaral. Isang guro ng unang baitang ang hindi nakiisa sa pag-aaral sa dahilang kalilipat lang niya sa unang baitang at wala pa siyang sapat na karanasan sa pagtuturo ng MTB-MLE. Pito mula sa walong mga guro ng ikalawang baitang ang nakipagtulungan sa pag-aaral. Isang guro ng ikalawang baitang ang nakabakasyon kung kaya ang gurong kahalili niya (*substitute teacher*) ay hindi lumahok sapagkat wala rin siyang sapat na karanasan sa MTB-MLE. Samantala, anim mula sa walong mga guro ng ikatlong baitang ang nakipagtulungan sa pananaliksik sapagkat ang isang guro ay kalilipat lamang ng tinuturuang seksyon at ang isa pang guro ay pansamantalang nakaliban dahil sa karamdaman. Ang mga gurong tagatugon mula sa LTCS ay binubuo ng 25 guro o 86% ng kabuoang bilang ng mga guro mula kinder hanggang ikatlong baitang ng LTCS.

Sa kabuoan, 32 bilang ng mga guro ng MTB-MLE na nakiisa sa pananaliksik na nagmula sa dalawang paaralan (BSU at LTCS) ng munisipyo ng La Trinidad, Benguet. Ang datos na nakalap ay nakasasapat upang maging batayan sa isinagawang pag-aaral.

3.3 Instrumento ng Pangangalap ng mga Datos

Sinagot ng mga tagatugon ang mga katanungan sa talatanungan na binuo ng 15 na mga katanungan na naglalarawan ng mga karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Sa panimula ay binalak ng mananaliksik na magsasagawa ng ilang pagmamasid sa loob ng silid-aralan upang makapagtala ng aktuwal na kalagayan sa pagsasakatuparan ng MTB-MLE subalit hindi ito naisagawa dahil sa naranasang pandaigdigang pandemya na dulot ng *COVID-19*. Dahil sa naturang pandemya sa panahon ng pagkakalap ng datos, ang mga gurong tagatugon ay nagtuturo sa pamamagitan ng modyular na kaparaanan. May ilang mga guro na ring nagsasagawa ng *virtual classroom* subalit ito ay maliit na bahagdan lamang ng mga tagatugon, hindi lahat ng kanilang mga mag-aaral ay may kakayahang makiisa sa *virtual classroom* at ang pangkalahatang mag-aaral ay umaasa pa rin sa *hard copy* ng kanilang modyul.

Ang balidasyon ng mga katanungan sa talatanungan, at mga katanungan sa pakikipanayam ay isinangguni sa mga dalubhasa sa larangan ng wika, at estadistika upang masuri kung ito ay katanggap-tanggap, nakasasapat, angkop at malinaw. Sa isinagawang *validity analysis* sa pananaliksik sa pamamagitan nang paggamit ng *Aiken's Validity Coefficient*, ang *computed coefficient of validity* ay 0.87. Ito ay higit sa *threshold* na 0.70, samakatuwid ang talatanungan ay *valid*. Ang mga mungkahi ay isinaalang-alang sa pagbubuo at pag-aayos ng mga katanungan.

4. Results and Discussion

4.1 Kabutihan

Batay sa mga tagatugon, ang mga mag-aaral ay naging: (1) aktibo sa pakikibahagi sa loob ng silid-aralan; (2) mas mabilis ang pag-unawa sa mga aralin; at (3) malaya sa pagpapahayag ng kanilang mga sarili.

Tugon ng anim na mga guro (Guro 1, 2, 3, 4, 5 at 6), kung ang ginagamit na *mother tongue* sa paaralan ay naaayon sa *mother tongue* ng lahat ng mga mag-aaral (halimbawa, magkakatulad ang *mother tongue* ng mga mag-aaral sa isang silid-aralan), ang mag-aaral ay mas nakapagpapahayag ng kaniyang sariling kaisipan at mas nauunawaan ang aralin. Ayon sa tatlong guro (Guro 7, 8 at 9), kung ang *mother tongue* ay gagamitin bilang midyum ng pagtuturo, ang mga mag-aaral ay mas nakikilahok sa talakayan at mas naiintindihan ang aralin. Samantala, ang Guro 10 ay naniniwala na sa pamamagitan ng MTB-MLE, mas nalilinig ang kasanayan ng mag-aaral na makipag-ugnayan sa kapuwa. Nakapag-iisip ang mag-aaral nang malalim sa wikang kaniyang nauunawaan, higit na naiintindihan ang mga aralin at lalo pang nakapagpapahayag ng sarili sa silid-aralan. Pahayag ng limang guro (Guro 11, 15, 16, 23 at 26), ang MTB-MLE ay nakatutulong sa pagpapaliwanag ng aralin at agarang pagkaunawa sa aralin ng mag-aaral. Ayon sa isang guro (Guro 25), ang MTB-MLE ay nakakatulong sa mga mag-aaral sa pag-aaral sa kanilang kultura. Kung iisa ang *mother tongue* ng mga mag-aaral, ayon sa dalawang guro (Guro 27 at 28), mas madaling nauunawaan ang mga aralin. Dagdag naman ng Guro 31, mas natututo ang mga mag-aaral kung ang *mother tongue* na gagamitin sa paaralan ay ang *mother tongue* na kanilang ginagamit sa kanilang mga tahanan. Ang tatlong guro ay naniniwalang mas makikita ang resulta ng paggamit ng *mother tongue* kung ang mga mag-aaral ay paghihiwalayin ng silid-aralan batay sa kani-kanilang *mother tongue*. Samantala, taliwas sa programang MTB-MLE, may dalawang gurong (Guro 17 at 32) naniniwala na mas mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral, at mas madaling turuan ang mga mag-aaral sa wikang Ingles. Anim na guro (Guro 14, 18, 19, 20, 21 at 22) ang naniniwalang walang naidudulot na kabutihan o kalamangan ang MTB-MLE. Dagdag naman ng Guro 24 na sa isang silid-aralang ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng magkakaibang *mother tongue*, wala rin siyang namasid na kalamangan o kabutihan na naidudulot ang MTB-MLE. Dalawang guro (Guro 29 at 30) ang nagpahayag na hindi malinaw ang kabutihang naidudulot ng paggamit ng *mother tongue*.

4.2 Hindi magandang kinalabasan

Batay sa mga tagatugon, ang disbentahe sa mga mag-aaral at guro ng MTB-MLE ay ang sumusunod: (1) kalituhan sa pagpapatupad ng programa; (2) kahirapan sa pag-intindi ng Ilokano na itinalagang *mother tongue*; (3) pagbaba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga wikang Ingles at Filipino; (4) pangangailangan ng ibayong panahon dahil mas nangangailangan ng lubos at tamang paghahanda sa pagpapatupad ; (5) pagiging *language translator* ng mga guro; at (6) hindi kaagad makapokus ang mga guro sa pangunahing aralin dahil sa pagsasalin ng mga aralin sa *mother tongue* ng mga mag-aaral tulad ng Benguet Ilokano, Ibaloy, Kankana-ey, Filipino at Ingles.

Ayon sa siyam na guro (Guro 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8 at 9), magkakaiba ang *mother tongue* sa iisang silid-aralan sa kanilang paaralan. Ito ay nakapagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral. Ang mga guro ay kailangang maglaan ng karagdagang oras upang paghandaan ang pagtuturo sa ilalim ng MTB-MLE lalo na kung magkakaiba ang *mother tongue* ng mga mag-aaral. Naranasan ng mga guro ang maging *language translator* sa halip na nakapokus sa pagtuturo. Naniniwala naman ang anim na guro (Guro 1, 2, 3, 4, 5 at 6) na maari ring mapag-iwanan ang mga mag-aaral kung hindi wikang Ilokano ang wikang ginagamit sa kanilang tahanan at pamayanan. Ayon naman sa pitong guro (Guro 10, 18, 19, 20, 21, 22 at 31), nagdudulot ito ng kalituhan. Dagdag ng Guro 10, hindi pamilyar ang ibang mga terminolohiya na ginagamit sa ilalim ng MTB-MLE. Halimbawa ng Guro 31 ay ang paggamit ng salitang “*maris*” na ang ibig sabihin ay kulay at ng salitang “*pata-patain*” na nangangahulugang “*estimate*”. Batay sa karanasan ng Guro 31, ayon sa mga resulta ng pagsusulit, nagkakaroon ng *extreme results*, may mga mag-aaral na mataas at mayroon ding sobrang mababa puntos na nakukuha. Limitado ang kagamitang pampagtuturo at sangguniang aklat sa *mother tongue*. Paniwala rin ng limang guro (Guro 18, 19, 20, 21 at 22) na ang pagtuturo at paggamit ng *mother tongue* sa pagtuturo ay nakakadulot ng kalituhan para sa mga mag-aaral. Namasid ng Guro 11 na nahihirapan ang mag-aaral sa pagbabaybay sa baryedad ng wikang Ilokano na itinalagang *mother tongue* ng DepEd sa kanilang paaralan. Samantala, namasid din ng dalawang guro (Guro 13 at 14) na nahihirapan ang mga mag-aaral na unang natuto sa wikang Ingles bago ang katutubong wika tulad ng mga taga-CAR (*Cordillera Administrative Region*). Ayon sa Guro 15,

nahirapang umintindi ang mga mag-aaral na hindi nasanay sa wikang Ilokano. Dagdag ng Guro 25 na may mga batang nahahirapang umintindi sa wikang Ilokano dahil hindi talaga ito ang kanilang *mother tongue*. Halimbawa, ang *mother tongue* na itinaturo ay Ilokano pero ang mag-aaral ay Tagalog o Ingles mismo ang *mother tongue*. Ang Guro 16 ay naniniwalang kailangang mag-*bridging* dahil hindi pare-pareho ang nakagisnang salita ng mga mag-aaral. Paliwanag ng Guro 26 na mas nangangailangan ng ibayong panahon sa pagtuturo.

Ang pagtuturo ng *Mother Tongue* at pagtuturo gamit ang *mother tongue* ay nagdulot ng pagpapabagal sa proseso ng pagtuturo, halimbawa ay ang pangangailangan ng pagsasalin ng mga aralin sa *mother tongue*. Sa kadahilanang ang bawat asignatura ay pinaglalaanan ng tiyak na oras, ang pagsasalin sa iba't ibang wika ay nakakapaglimita ng aktuwal na panahon ng pagtuturo ng aralin kaya maari ring may mga asignatura na hindi masyadong matututukan. Ang MTB-MLE ay nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral na bagong lipat galing sa ibang paaralan na iba rin ang gamit na *mother tongue*. Sa kinalabasan ng FGD, ibinahagi ng mga tagatugon na sa mga pagpupulong sa *Parents-Teachers Association (PTA)* ay may mga karaingan ding ipinahahatid ang mga magulang. Ayon sa mga magulang, hindi nauunawaan ng kanilang mga anak ang mga aralin kung ang ginagamit ay wikang Ilokano sapagkat hindi ito ang kanilang *mother tongue*. Ito ay sinang-ayunan ng dalawang guro (Guro 29 at 30) at idinagdag nila na sa paaralang binubuo ng Benguet Ilokano, Ibaloy, Kankana-ey, Filipino at Ingles ang *mother tongue*, kahit na hatiin ang mga mag-aaral sa magkakaibang silid-aralan ayon sa *mother tongue*, kulang ang mga guro na maaring magturo sa ilalim ng MTB-MLE. Dalawang guro (Guro 27 at 28) ang nagpahayag na mahirap ang pagsasalin ng mga kagamitang pampagtuturo sa silid-aralang binubuo ng mga mag-aaral na nagtataglay ng iba't ibang *mother tongue*. Dumaraing naman ang mga guro mula ikaapat hanggang ikaanim na baitang sa elementarya ayon sa Guro 24 dahil namasid nila na tila nagsisimula muli sa pagtuturo ng mga wikang Ingles at Filipino sa kanilang baitang. Pahayag naman ng Guro 23 na bumababa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wikang Ingles dahil sa programang MTB-MLE.

Programang Pangwika

Rasyonale

Isa sa apat na haligi ng MTB-MLE ay ang mga guro, maliban sa pamamatnubay at pagtataguyod ng DepEd at paaralan, pagtangkilik ng mga magulang at pamayanan, at pakikiisa ng mga mag-aaral. Ayon sa kinalabasan ng pananaliksik, ang mga guro ang susi sa lubos at matagumpay na pagpapatupad ng programa mula sa pagtiyak sa angkop na *mother tongue* ng mga mag-aaral, sa paggawa at paglinang ng kagamitang pampagtuturo at ang aktuwal na pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng guro sa pakikipagtalastasan sa *mother tongue* ng mga mag-aaral ay hindi nangangahulugang kaya na niya itong maituro at magamit sa pagtuturo. Kinakailangan pa rin ang pormal na pagsasanay ng mga guro higit lalo sa mga teorya, mga simulain, dulog at mga pamamaraan sa pagtuturo sa ilalim ng MTB-MLE. May kaugnayan ito sa sinabi ni Young (2008) na isang napakalaking hamon ang pagpili ng mga gurong magtuturo gamit ang *mother tongue*. Dagdag niya, ang gagamiting wika ng guro ay yaong taal o ang kaniyang *mother tongue* sapagkat kung pinag-aralan niya lamang ang wika, hindi magiging likas ang daloy ng *language input* patungo sa mga batang taal sa wikang ginagamit. Samakatuwid, nararapat na mabigyan ng sapat na pagsasanay na may kasamang demonstrasyon sa pagtuturo gamit ang *mother tongue* ang mga guro upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa kontekstuwalisasyon at lokalisasyon. Nangangailangan ng tuloy-tuloy na seminar, pagsasanay at *re-training* o *follow-up training* upang maproseso ng maayos ng mga guro ang kanilang natutunan at masolusyunan ang mga balakid na kanilang nararanasan sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Dito mahahasa ang kanilang mga kaalaman sa pagbuo ng kanilang sariling mga kagamitang panturo gamit ang *mother tongue* at para sa pagtuturo ng *mother tongue* bilang asignatura.

Mga Layunin ng Pagsasanay

Ang pangkalahatang layunin ay paghusayin ang kaalaman at kasanayan ng mga gurong kalahok upang mahasa ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng *Mother Tongue* at pagtuturo gamit ang *mother tongue* at sila ay magkaroon ng kumpiyansa sa sarili tungo sa matagumpay na pagsasakatuparan ng MTB-MLE. Ang partikular na layunin ay ang sumusunod:

1. matukoy ang mga teorya, modelo at mga simulain sa MTB-MLE na nagtataguyod sa paggamit ng *mother tongue* sa pagtuturo at pagkatuto;
2. matalakay ang mga panlipunan, kultural at mga usaping legal sa paggamit ng *mother tongue* bilang midyum ng pagtuturo;
3. mapag-ibayo ang kaalaman at mga kasanayan ng mga guro sa iba't ibang dulog at mga pamamaraan sa pagbabalangkas ng banghay-aralin na gumagamit ng *mother tongue* sa mga mag-aaral;
4. matulungan ang mga guro sa paghahanda at paglinang ng angkop na mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang *mother tongue* at ang paggamit ng *mother tongue* bilang midyum ng panturo;
5. matukoy ang angkop na mga uri at pamamaraan ng pagtataya sa mga kasanayan sa wika upang masukat ang partikular na kinalabasan ng pagkatuto ng mga mag-aral ng *mother tongue* at asignaturang *mother tongue*;
6. magsilbing kaparaanan upang matalakay ang iba pang mga alalahanin na makatutulong sa matagumpay na implementasyon ng MTB-MLE; at
7. maibahagi ang iba't ibang epektibong pamamaraan (*best practices*) sa matagumpay na pagpapatupad ng MTB-MLE sa bansa.

Pagkatapos ng pagsasanay, ang mga kalahok ay:

1. magtatamo ng mas komprehensibo na pag-unawa sa konsepto at kahalagahan ng programang MTB-MLE; at
2. magiging mas lalong handa, mas nagtataglay ng mga kaalaman at mga kasanayan, at mas may tiwala sa sarili sa pagtuturo ng *mother tongue*, at sa pagtuturo gamit ang *mother tongue*.

Ang Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pagsasanay ay mga gurong kasalukuyang nagtuturo ng MTB-MLE. Inaanyayahan din ang mga punong-guro, mga superbisor sa antas distrito at dibisyon, mga guro ng elementarya at kindergarten, at mga mag-aaral sa kolehiyo na kumukuha ng batsilyer sa pagtuturo ng *pre-school* at edukasyong pang-elementarya.

Talahanayan

Daloy ng Pagsasanay

Sesyon 1

Mga Teorya, mga Modelo at mga Simulain ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE)

Deskripsyon: Pagtalakay sa mga teorya, mga modelo at mga simulain na saligan ng MTB-MLE na nagsisilbing pundasyon sa paghahanda ng mga guro sa mga kaalamang pedagogikal at kasanayan sa pagpapatupad ng programa

Layunin: Maipaliwanag ang iba't ibang teorya, mga modelo at mga simulain sa pagtamo ng pangalawang wika
Mapaghambing ang isang mahina at matatag na uri ng MTB-MLE.

Sesyon 2

Mga Legal na Batayan, at mga Kabutihang Naidudulot ng MTB-MLE

Deskripsyon: Pagtalakay sa mga legal na batayan ng programang MTB-MLE. Pagpapaunawa sa mga benepisyong hatid ng programa sa mga mag-aaral at sa lahat ng *stakeholders*.

Layunin: Matukoy ang mga probisyon ng batas, mga kautusan at mga polisya hingil sa programa
Matalakay ang mga kabutihang naidudulot ng paggamit ng *mother tongue* sa mga mag-aaral at sa mga guro

Sesyon 3	
Balangkas ng MTB-MLE: Ang Pagpapatupad nito sa Kurikulum ng Batayang Edukasyon	
Deskripsyon:	Pagtalakay sa pangkalahatang proseso sa pagpapatupad ng MTB-MLE
Layunin:	Maipaliwanag ang mga batayang elemento at mga proseso ng MTB-MLE kurikulum
Sesyon 4	
Pagbabalak at Pagpapatupad ng Banghay-Aralin sa Asignaturang <i>Mother Tongue</i> at sa Pagtuturo Gamit ang <i>Mother Tongue</i>	
Deskripsyon:	Pagsasanay sa pagbalangkas ng banghay-aralin sa asignaturang <i>mother tongue</i> para sa (a) Kinder; (b) Baitang 1; (c) Baitang 2; at (d) Baitang 3 (sa pamamagitan ng 4 <i>breakout rooms</i>). Pagtalakay at pagsasanay sa pagbalangkas ng banghay-aralin gamit ang <i>mother tongue</i> para sa (a) Kinder; (b) Baitang 1; (c) Baitang 2; at (d) Baitang 3 (sa pamamagitan ng 4 <i>breakout rooms</i>).
Layunin:	Maisasagawa ang mga patnubay at mga simulain sa paglinang ng banghay-aralin sa <i>mother tongue</i> Maitampok ang mga kapaki-pakinabang na lokal at mga kontekstuwalisadong pamamaraan sa pagdisenyo ng banghay-aralin sa <i>mother tongue</i>
Sesyon 5	
Mga Pamamaraan at mga Dulog sa Pagtuturo sa Pamamagitan ng MTB-MLE	
Deskripsyon:	Pagtukoy at pagtalakay sa iba't ibang mga pamamaraan at mga pagdulog sa pagtuturo ng <i>mother tongue</i> at pagtuturo gamit ang <i>mother tongue</i> para sa (a) Kinder; (b) Baitang 1; (c) Baitang 2; at (d) Baitang 3 (sa pamamagitan ng 4 <i>breakout rooms</i>).
Layunin:	Mapag-ibayo ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa iba't ibang dulog at mga pamamaraan sa pagbabalangkas ng banghay-aralin gamit ang <i>mother tongue</i> .
Sesyon 6	
Ang MTB-MLE Kurikulum at mga Kagamitang Pampagtuturo	
Deskripsyon:	Pagtalakay sa MTB-MLE bilang kurikulum. Mga pagsasanay sa paglinang ng mga kagamitang pampagtuturong kontekstuwalisado at awtentiko batay sa katutubong kultura at <i>mother tongue</i> para sa (a) Kinder; (b) Baitang 1; (c) Baitang 2; at (d) Baitang 3 (sa pamamagitan ng 4 <i>breakout rooms</i>).
Layunin:	Mapag-ibayo ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo sa MTB-MLE
Sesyon 7	
Pagtataya sa mga Kasanayan sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa MTB-MLE sa Antas Primarya	
Deskripsyon:	Pagsasanay sa pagtukoy ng angkop na mga uri at pamamaraan ng pagtaya sa mga kasanayan sa wika na susukat sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa MTB-MLE.
Layunin:	Matukoy ang angkop na mga uri at pamamaraan ng pagtataya sa mga kasanayan sa wika upang masukat ang partikular na kinalabasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa MTB-MLE
Sesyon 8	
Pagbabahagi ng <i>Best Practices</i> sa Pagpapatupad ng MTB-MLE	
Deskripsyon:	Pagtalakay sa iba't ibang karanasan na maituturing na <i>best practices</i> o epektibong pamamaraan sa implementasyon ng MTB-MLE
Layunin:	Makapagbigay ng katiyakan at kakayahang mapagtagumpayan ang pagpapatupad ng programang MTB-MLE

5. Conclusion

Ang pagpapatupad ng MTB-MLE mula kinder hanggang ikatlong baitang ng elementarya na kinabibilangan ng pagtuturo ng *mother tongue* at pagtuturo gamit ang *mother tongue* sa mga paaralang nasasakop ng bayan na mataas ang bilang ng populasyon at nagtataglay ng magkakaibang *mother tongue* ay hindi naging matagumpay. Batay sa mga naibahaging karanasan ng mga respondente, nailahad ang kakulangan sa kasanayan sa paghahanda ng banghay-aralin at ng kagamitang pampagtuturo, pagtukoy sa hindi angkop na *mother tongue*, mas nakalalamang na hindi magandang kinalabasan ng MTB-MLE hanggang sa kakulangan ng suporta ng mga magulang at pamayanan. Ang magkahalong pagsang-ayon at pagtutol na may kaakibat na negatibong pananaw ng mga guro ay nauwi sa kahirapan at kalituhan sa pagpapatupad ng programa. Nagdulot ito ng sanga-sangang katanungan tungkol sa pinakaangkop ng isa o higit pang *mother tongue*, paghiwa- hiwalay sa mga mag-aaral

batay sa kanilang mga *mother tongue*. Sa simula ay ninais ng mga guro na makiisa sa MTB-MLE at anumang taglay na pansariling saloobin at pananaw ay hindi nakaapekto sa kanilang pananagutang ipatupad ang nabanggit na kurikulum. Subalit namasid ng mga guro ng MTB-MLE ang paglala ng mababang kakayahan at nakapagpabagal ng patuloy at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga asignaturang pagbasa, matematika, agham, Ingles at Filipino. Ang *mother tongue* ay nagsilbi na lamang na karagdagang wika o wikang pantulong sa pagpapaliwanag ng aralin. Isang pangangailangan ang nabalangkas na programang pangwika na may layuning mapahusay ang kaalaman at kasanayan ng mga guro upang magabayan sila sa masiglang pagtanggap at matagumpay na muling pagtuturo sa ilalim ng MTB-MLE.

5.1 Recommendation

Sa paaralan na ang silid-aralan ay binubuo ng mga mag-aaral na nagtataglay ng magkakaibang kultura at *mother tongue*, kinakailangan ang malinaw na panuntunan sa pagtukoy ng angkop na *mother tongue*. Hinihiling ang agresibong pangangasiwa at pamamatnubay na nagsisimula sa paggabay sa pagsasagawa ng mga paaralan ng paunang pagtataya sa wikang sinasalita ng mga mag-aaral at pagtukoy sa *mother tongue* na ang mga guro ay handa rin sa pagtuturo gamit nito. Paglinang ng mga guro ng makabuluhang kagamitang pampagtuturo kaya nararapat ang pagtataguyod ng mga serye at tuloy-tuloy na mga seminar-worksyap at pagsasanay upang sila ay magabayan. Makabubuti rin ang paglulunsad ng mga programa, palatuntunan at patimpalak sa masining na pagkukuwento, pagtatalumpati, pag-awit, pagsusulat ng tula at iba pa upang higit na mapaunlad ang kakayahan at kasanayan ng mga guro at mag-aaral at maikintal sa kanilang puso at isipan ang pagmamahal sa *mother tongue*. Nasa guro ang susi ng lubos na tagumpay sa pagpapatupad ng programa kaya kailangang tiyakin ang kanilang aktibong pakikiisa. Higit sa lahat, ang mga mag-aaral ay marapat magsumikap na matutunan ang *mother tongue*, katutubong kultura at tradisyon na pamana ng nakakatandang henerasyon hanggang sa susunod na salinlahi. Makabuluhan ang pakikiisa ng mga magulang at pamayanan. Sa mga kolehiyo at pamantasan, mainam na magdagdag ng mga asignatura hinggil sa MTB-MLE sa mga *pre-service teachers* upang sila ay maihanda sa pagtuturo batay sa nabanggit na kurikulum. Karapat-dapat din ang pagtataguyod ng mga karagdagang pag-aaral at pananaliksik sa MTB-MLE lalong-lalo na sa mga paaralang ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng magkakaibang *mother tongue* upang mabigyang-lunas ang anumang hamon ng programa. Marapat na suportahan ng bawat Pilipino ang programa. Napatunayan ng mga pag-aaral na ang mabisang pagpapatupad ng MTB-MLE ay magdudulot ng isang moderno at mas maunlad na antas ng edukasyon tungo sa kaunlaran ng ating bansa. Ang pagsasabatas nito ay hindi sapat. Nararapat magtulungan upang matugunan ang mga pagkukulang at mahinang aspeto nito at hikayatin ang DepEd na isalang sa isang rebisyon ang kabuoang programa gamit bilang lente ang kasalukuyang antas ng pagpapatupad. Ang lubos na suporta ng pamahalaan sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na pondo sa pagsasagawa ng programa ay higit na pangangailangan.

6. Talasanggunian

- Creswell, J. W. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approaches* (4th ed.). Thousand oaks, CA: *Sage Publications, Ltd.*
- Demeterio, F. P. A (2010). Ang kautusan ng Departamento ng Edukasyon bilang 74, serye 2009: Isang pagsusuri sa katatagan ng programa ng edukasyon sa unang wika (MLE) ng Filipinas. *Malay*. Tomo 23, bilang 1 (Setyembre 2010):31-52. Print.
- Dutcher N. & Tucker R. (1995). The use of first and second languages in education: A review of international experience. In Küper W (ed.) *mother tongue education in Africa: A Reader 2nd Edition*, 1998. Eschborn: GTZ.
- Guskey, T.R. (2002). *Professional development and teacher change. Teachers and teaching: theory and practice*, 381-391. <http://dx.doi.org/10.1080/135406002100000512>.
- Jacob, J. & Xiong, W. (2016). Higher education capacity for what? Balancing issues of equity, efficiency, choice, and excellence. In the *Palgrave Handbook of Asia Pacific Higher Education*, edited by Christopher S. Collins, Molly Nyet Ngo Lee, John N. Hawkins, and Deane Neubauer. New York: Palgrave Macmillan.

- Lester, S. (1999). *An introduction to phenomenological research*. Stan Lester developments, Taunton. Hinango sa <http://www.sld.demon.co.uk/resmethy.pdf>.
- Mandela, N. (1999). *Quotes about mother tongue language*.
https://www.azquotes.com/author/9365-Nelson_Mandela/tag/language
- Nishanti, R. (2020). Understanding the importance of mother tongue learning. *International Journal of Trend in Scientific Research and Development (IJTSRD)*. www.ijtsrd.com e-ISSN: 2456-6470
- Orekan, G. (2011). Mother tongue medium as an efficient way of challenging educational disadvantages in Africa: the Case of Nigeria: *Scottish Language Review*. Issue 23, Spring 2011.
- Paulson, R. (Comprehensive exams, 2010a) *Medium of instruction or medium of obstruction? A review of the literature on language of instruction at the primary level in West Africa*. Hinango sa https://scholarworks.umass.edu/open_access_dissertations/592.
- Paulson, R. (Comprehensive exams, 2010b) *Enhancing learning through the use of mother tongue language: Analysis of the forces for and against mother tongue education*. Hinango sa https://scholarworks.umass.edu/open_access_dissertations/592.
- Ross, S. (2004). *The mother tongue in Morocco: The politics of an indigenous education*, a dissertation submitted to the school of development studies of the University of East Anglia for the degree of masters of arts by Samantha Ross (2004). Unpublished.
- Yoon, K.S., Duncan, T., Lee, S.W.Y., Scarloss, B., and Shapley, K. (2007). *Reviewing the evidence on how teacher professional development affects student achievement* (Issues and answers report, REL 2007-No. 033). Washington, DC: U.S. Department of Education, Institute of Education Sciences, National Center for Education Evaluation and Regional Assistance, Regional Educational Laboratory Southwest. Retrieved from <http://ies.ed.gov/ncee/edlabs>.
- Young, M. (2008). *Bringing knowledge back in: From social constructivism to social realism in the sociology of education*. London and New York: Routledge.

